

Pagsusuri ng plema para sa tuberkulosis (TB)

Sputum testing for Tuberculosis (TB)

Ano ang Tuberkulosis (TB)?

Ang TB ay isang malubhang sakit na dulot ng isang mikrobyo (bakteryang) na kumakalat sa pamamagitan ng hangin kapag isang tao na may hindi nagamot na sakit na TB sa baga ay umuubo, bumabahing, kumanta o nagsasalita.

Karaniwang nakakaapekto ang TB sa baga ngunit maaari ring makaapekto sa ibang bahagi ng katawan tulad ng mga glandula, mga buto, mga kasukasuan, mga bato, utak at mga organo ng pampag-anak.

Ang TB ay nalulunasan. Sa British Columbia, maaari kang kumuha ng mga gamot para maiwasan o mapagaling ang TB. Ang mga gamot ay libre sa pamamagitan ng Mga Serbisyo sa TB ng Lalawigan at mga pampublikong yunit ng kalusugan.

Para sa higit pang impormasyon sa TB, bisitahin ang [HealthLinkBC File #51a Tuberkulosis \(TB\)](#).

Ano ang plema?

Ang plema ay uhog na inuubo mo mula sa kaloob-looban ng iyong mga baga. Karaniwan ito ay makapal, malabo at malagkit. Ang plema ay hindi laway (dura) dahil ang laway ay nagmumula sa iyong bibig at manipis, malinaw at matubig. Huwag ikolekta ang laway para sa pagsusulit na ito.

Bakit ako dapat gumawa ng pagsusuri sa plema para sa TB?

Ang pagsusuri ng iyong plema para sa bakterya ng TB ay ang pinakamahasag na paraan upang malaman kung mayroon kang sakit na TB.

Kung umiinom ka ng gamot para sa TB, ang pagsusuri ng iyong plema ay isa sa mga paraan upang malaman kung gumagana ang gamot.

Bakit kailangan kong magbigay ng 3 na sampol ng plema?

Napakahalaga na ang mga resulta mula sa iyong pagsusuri sa plema ay tama. Ang pagkolekta ng 3

sampol ng plema ay maaaring mapabuti ang ganap na kawastuan ng iyong mga resulta ng pagsusuri. Ipapaalam sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung maaari mong kolektahin ang 3 na sampol ng plema sa parehong araw o kung dapat mong kolektahin ang plema sa magkahiwalay na araw. Sundin ang mga tagubilin na ibinibigay sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Paano ko kokolektahin ang aking plema?

Upang ikolekta ang plema, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Kolektahin ang iyong plema sa maagang bahagi ng umaga maliban kung ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay sa iyo ng ibang mga tagubilin
2. Huwag kumain, uminom, manigarilyo, magsipilyo ng iyong ngipin o gumamit ng mouthwash bago kolektahin ang iyong plema
3. Siguraduhin na ang iyong pangalan, apelyido at petsa ng kapanganakan ay nasa etiketa ng mga bote ng plema
4. Ikolekta ang iyong plema nang malayo sa ibang tao. Kung maaari, lumabas o magbukas ng isang bintana habang kinokolekta mo ang iyong plema
5. Magbukas ng isang bote ng plema. Huwag hawakan ang loob ng bote ng plema o ang loob ng takip
6. Huminga ng malalim. Pigilan ang hininga ng mga ilang segundo. Huminga nang dahan-dahan. Huminga muli ng malalim. Umubo ng malakas hanggang sa lumabas ang plema sa iyong bibig
7. Idura ang plema sa bote ng plema. Gawin ito hanggang magkaroon ng sapat na plema upang matakpan ang ilalim ng bote
8. Isara ang takip sa bote ng plema nang mahigpit upang hindi ito tumulo

9. Isulat ang petsa at oras na kinolekta mo ang plema sa etiketa ng bote ng plema
10. Isara ang bote ng plema sa plastik na supot na kasama nito. Huwag maglagay ng higit sa isang bote ng plema sa bawat plastik na supot
11. Siguraduhing ilagay ang papel na pormularyo ng laboratoryo sa supot sa labas ng plastik na supot (hindi sa loob kasama ang bote ng plema)
12. Pagkatapos mong kolektahin ang iyong plema, hugasan ang iyong mga kamay. Para sa karagdagang impormasyon sa tamang paghuhugas ng kamay bisitahin ang [HealthLinkBC File #85 Paghuhugas ng kamay: Tumulong na pigilan ang pagkalat ng mga mikrobyo.](#)

Alamin [Kung Paano makakuha ng magandang sampol ng plema para sa iyong pagsusuri sa tuberkulosis](#) sa YouTube channel ng BCCDC.

Ano ang dapat kong gawin sa aking mga bote ng plema?

Dalhin ang mga bote ng plema sa laboratoryo o sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa lalong madaling panahon. Iimbak ang mga bote ng plema sa reprimerytor hanggang sa maidala mo ang mga ito. Huwag iimbak ang mga ito sa temperatura ng silid at huwag hayaang magyelo. Kung hindi ka sigurado kung saan ibalik ang mga bote ng plema, tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Anong mga pagsusuri ang gagawin sa aking plema?

2 mga pagsusuri ang gagawin sa iyong plema:

- Pagpapahid
- Kultura

Para sa pagpapahid, titingnan ng mga kawani ng laboratoryo ang ilan sa iyong plema sa ilalim ng mikroskopyo. Kung makakita sila ng bakterya sa iyong plema, positibo ang resulta ng pagpapahid na pagsusuri.

Para sa kultura, inilalagay ng mga kawani ng laboratoryo ang ilan sa iyong plema sa isang espesyal na lalagyan para lumago. Kung lumago ang bakterya, positibo ang resulta ng iyong kultura.

Kung positibo ang resulta mula sa iyong pagsusuri sa pagpapahid o iyong kultura, kakausapin ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng resultang ito.

Kailan ko makukuha ang mga resulta ng aking mga pagsusuri sa plema?

Ang mga resulta ng pagpapahid na pagsusuri ay karaniwang handa sa loob ng isang araw hanggang 2 na araw ng negosyo pagkatapos nilang makarating sa laboratoryo. Maaaring tumagal ng hanggang 8 linggo ang mga resulta ng kultura, depende sa kung gaano kabilis lumaki ang bakterya.

Ipapadala ng laboratoryo ang iyong mga resulta ng pagsusuri sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa sandaling handa na ang mga ito. Kung positibo ang iyong mga resulta, ipapaalam sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhin na ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay may iyong napapanahong mga detalye sa pakikipag-ugnayan tulad ng numero ng telepono at address, upang maabot ka nila sa iyong mga resulta.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o mga alalahanin, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga klinika sa TB ng Sentro sa Pagkontrol ng Sakit ng BC [BC Center for Disease Control (BCCDC)], bisitahin ang www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/tuberculosis.



BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalín ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.